
13rd Story


# Talinghaga sa ubasan

Vineyard Parable

# Talinghaga sa ubasan

– 13rd Story –





| | |
|---|---|
| Jesus | Noong unang panahon, may isang may-ari ng lupa na may malawak na lupa at napakalawak na ubasan. Sa panahon ng anihan, kailangan (niyang) niya ng mga manggagawa upang mag-alaga ng ubasan. Kaya't isang umaga, lumabas ang may-ari ng ubasan upang hanapin ang mga manggagawang maaaring upahan niya para sa araw na iyon. |
| Land Owner | Mga ginoo, wala pa bang trabaho ngayon? |
| Laborers | Opo, ginoo. Wala po kaming matanggap na trabaho. |
| Land Owner | Mabuti, mabuti. Kung gayon, gusto niyo bang sumama at mag-trabaho para sa akin ngayon? |
| Laborer 1 | Gaano kami katagal magtatrabaho? |
| Land Owner | Maghapon lang naman |
| Laborer 2 | Magkano mo kami babayaran? |
| Land Owner | Ang karaniwang pang-araw-araw na sahod. |
| Laborer 1 | Hmm, wala akong ibang mga trabaho na pagpipilian |
| Laborer 2 | Sige. Gagawin namin |
| Land Owner | Mabuti kung ganoon. Nakikita nyo ba ang malaking burol na may malaking ubasan doon? |
| Laborers | Oo. |
| Land Owner | Yun yon. Ano pa hinihintay natin? Tara na? |
| Jesus | Pagkalipas ng tatlong oras, nagpasya ang may-ari ng ubasan na maghanap pa ng mas maraming manggagawa sapagkat ang kanyang ubasan ay napakalaki at kakaunti lamang ang mga manggagawa. |
| Land Owner | Paumanhin, mga kalalakihan, kailangan niyo ba ng trabaho ngayon? |
| Workers | Opo. |
| Land Owner | Mabuti. Kung gayon, pumunta kayo sa aking ubasan at magtrabaho para sa natitirang araw upang makakatanggap ng makatarungang sahod para sa gawaing nagawa ninyo. |
| Workers | Sige! Maganda nga iyan |
| Jesus | Pagkalipas pa ng tatlong oras. nagpasya ulit and may ari ng lupain na maghanap pa ng mas maraming manggagawa. |

Land Owner — O Kayo diyan. Nais niyo bang kumita ng pera ngayon?

Fellow — Opo! Kaya kami naririto..

Land Owner — Mabuti. Kung gayon. Pumunta kayo sa aking ubasan at samahan ang iba pang mga nagtatrabaho doon hanggang sa matapos ang araw na ito. Sasahuran ko kayo ng tama at naayon sa trabahong ginawa ninyo.



Jesus — Ngayon ang may-ari ng lupa ay ginawa ito nang dalawang beses. Lahat ng manggagawa ay kanyang nakita nang siya ay lumabas, inalok niya ito ng trabaho ng pag-aani ng kanyang ubasan.

Land Owner — O, Kamusta kayo. Lahat ba kayo ay nakatayo lang dito buong araw?

Workers — Opo

Land Owner — Para saan?

Worker — Walang sinuman ang may gustong tumanggap sa amin upang magtrabaho

Land Owner — Hmm. Kung gayon. Pumunta na kayo sa aking ubasan at samahan ang iba pang mga nagtatrabaho doon hanggang sa matapos ang araw na ito. Sasahuran ko kayo ng tama at naayon sa trabahong ginawa ninyo

Worker — Salamat po.

Jesus — Maghapon na nagtrabaho ang mga ito. Sa pagkalipas ng araw, tinawag ng may-ari ng lupa ang kanyang mga alipin.

Land Owner — Tawagin ang mga manggagawa, at ibigay sa bawat tao ang kanilang mga suweldo. Huling bayaran ang mga manggagawa na una kong inupahan.



Servant — Opo.

Jesus — Ngayon ang alipin ay nagpunta sa mga huling manggagawa at binayaran sila. Ngunit nang makahita? ito ng mga manggagawa sa? unang dumating, nagalit sila

First workers — Hoy! Sandali .. Nauna kami. Sa palagay ko ay dapat kang magsimula sa amin.

Servant — Hindi. Sinusunod ko lamang kung ano ang inuutos sa akin

First workers — Bakit hindi ka mag-umpisa sa amin?!

Jesus — Ibinigay ng lingkod sa mga huling manggagawa ang sahod para sa kanilang trabaho. Kaya't ang mga manggagawa sa unang dumating ay natuwa at naisip na sila ay dumating nang mas maaga, at makakatanggap sila ng higit pa. Kaya't ang alipin ay bumaba sa linya at ibinigay sa bawat manggagawa ang parehong halaga.

Jesus — Nang maibigay na ng alipin ang sahod ng umagang manggagawa, sila ay nagalit ng? may-ari ng lupa.



| | |
|---|---|
| First workers | Hoy! Kanina pa kami nakabilad sa init ng araw habang nag-tatrabaho dito ! |
| Land Owner | Oh ngayon? May problema ba? |
| First workers | Aba, ibinigay mo sa mga taong iyon ang parehong halaga na ibinigay mo sa amin, kahit isang oras lamang silang nagtra-baho!? |
| Land Owner | Wala akong ginagawang masama sa iyo. Noong inupahan kita kaninang umaga, hindi ba't sumang-ayon ka sa sahod sa isang araw? |
| First workers | Oo pero... |
| Land Owner | Kung ganoon, dalhin ninyo kung ano ang sa inyo at umalis na. Nais kong bayaran ang huling manggagawa katulad ng sa iyo at hindi laban sa batas. Huwag kang magalit dahil mabait kung tinatrato ang aking mga manggagawa. |
| Jesus | Ang kuwentong ito ay tulad ng Kaharian ng Diyos. Doon, ang mga mauuna ay magiging huli, at ang magiging huli ay magiging una. Sapagkat marami ang tinawag, ngunit ka-kaunti ang napili. |